5

# Modelong Banghay- Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin
4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Grade 5**
**Interaksiyon ng Tao, Lipunan, at Kapaligiran**
**Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan**
**Kuwarter 1: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat :** **Jayson P. Sollorano, EdD**
**Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School- Pila Sub-Office, SDO-Laguna**

**Tagasuri :** **Marivic M. Pimentel, Ph.D.**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN/ UNANG MARKAHAN ARALIN 4 - LINGGO 4 / BAITANG 5**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pinagmulan ng Pilipinas at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng presentasyon ukol sa pinagmulan ng Pilipinas at ng lahing Pilipino at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*1. Natutukoy ang lokasyon ng Pilipinas sa globo at mapa.*<br>*2. Nabibigyang-halaga ang pagtukoy ng lokasyon ng Pilipinas sa globo at mapa.*<br>*3. Nasusuri ang kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan.* |
| **D. Nilalaman** | Interaksiyon ng Tao, Lipunan, at Kapaligiran<br>1. Kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan<br>a. Pilipinas bilang Arkipelago at bahagi ng Timog Silangang Asya |
| **E. Integrasyon** | SDG #4: Quality Education<br>Geography<br>Global citizenship<br>International relations<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Antonio, E. D., Banlaygas, E.L., & Dallo, E.M. (2017). *Kayamanan: Batayan at sanayang aklat sa araling panlipunan.* Rex Book Store.<br>Fajardo, J. U., Evangelista, E. G., Dela Cruz, EJ. L., Villegas, JA. B., Barcelon, VE. C., Belarde, R. R. & Villegas, JA. B. (2023). *Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo.* REX Book Store. |

Gabuat M (2016). *Araling panlipunan: Pilipinas bilang isang bansa*. Vibal Group Inc. Quezon City, Philippines.

Lorenzana, M.V., Mercado, M. M., & Santillan, NM., R. (2019). *Isang Bansa, Isang Lahi.* Vibal Group, Inc.

Oliveros, R. D., Yumol, C.V., & Andaquig, JP. E. (2015). K*asaysayan ng mamamayan ng Pilipinas: Ang pagbubuo ng Pilipinas bilang nasyon.* IBON Books

Sim, A. T., Daroni, C. E., & Santingyaman J. M. (2023). *Siglo Araling Asyano Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan.* Rex Book Store.

Tupas E. (2020). Araling Panlipunan-Ikalimang Baitang. Kagawaran ng Edukasyon. ADM. Unang Edisyon

Ang mga larawan ay kinuha sa:

https://www.un.org/en/academic-impact/global-citizenship#:~:text=Global%20citizenship%20is%20the%20umbrella,communities%20on%20a%20worldwide%20scale.

Compass Rose. Hangi ngayong Marso 11, 2024 sa https://pngtree.com/free-png-vectors/compass-rose

International Relations. Hango ngayong Marso 11, 2024 sa https://www.britannica.com/topic/international-relations

Globe hango ngayong Marso 11, 2024 sa https://freepngimg.com/png/11955-globe-free-download-png

United Nations. Global Citizenship. Hango ngayong Marso 11, 2024

Latitud at Longhitud Map. Hango ngayong Marso 11, 2024 sa https://www.pinterest.com/pin/650348002417477825/

https://www.slideshare.net/MiakieGavino/timog-silangang-asya-group-3-7adaptabilitypptx
https://freepngimg.com/png/11955-globe-free-download-png
0470e431aab79258233fc276a78a563b.jpg (590×336) (z-dn.net)


https://slideplayer.com/slide/13989548/

https://www.slideshare.net/helenmcailing/bahagi-ng-globo

Philippines Latitude and Longitude Map hango ngayong March 9, 2024 sa https://www.mapsofworld.com/lat_long/philippines-lat-long.html

https://quizizz.com/admin/quiz/5e7bea8cb73850001b2662ce/ap6-panahon-ng-amerikano

https://www.slideshare.net/lanceabalos/panahon-ng-hapon

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | ***Unang Araw***<br>**1. Maikling Balik-aral.**<br>**Panuto**: Punan ng wastong sagot ang *graphic organizer* sa ibaba.<br><br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal).** | Ang mga gawaing matatagpuan sa araling ito ay inaasahang magagawa sa loob ng isang linggo.<br><br>Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral.<br><br>Susi sa pagwawasto:<br>Ipinaliliwanag sa pamamagitan ng:<br>- Teoryang Austronesian Migration<br>- Teoryang Core Population<br><br>Nababakas sa pamamagitan ng mga labi/kasangkapan ng<br>- Taong Tabon<br>- Taong Callao<br>- Homo Luzonensis<br><br>Ang pagsagot sa maikling balik-aral ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng |

<table>
<tr><td></td><td></td><td>aralin.</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na pamprosesong tanong at isulat sa sagutang papel.<br><br>1. Ano-ano ang mga katangian ng Pilipinas bilang isang arkipelago?<br><br>2. Bakit mahalagang matukoy ang lokasyon ng Pilipinas sa globo at mapa?<br><br>3. Ano ang mahalagang papel ng lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng kasaysayan?<br><br>Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>Gawain 1. SUBUKIN NATIN! (#Susing Salita ng Aralin)<br>Panuto: Isaayos ang mga pinaghalo-halong mga titik sa bawat bilang upang mabuo ang tamang salita. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno o sa inihandang espasyo sa sagutang papel.<br><br>
<table>
<tr><th>TERMINO</th><th>KAHULUGAN</th></tr>
<tr><td>OLKAYSNO<br>________________</td><td>Ito ang eksaktong lugar kung saan matatagpuan ang isang tao, bagay, o bansa.</td></tr>
<tr><td>AKRIEPLAOG<br>________________</td><td>Ito ay tumutukoy sa sa maliliit at malalaki na pulo na napapalibutan ng tubig o karagatan.</td></tr>
<tr><td>ALTITDU<br>________________</td><td>Ito ay tumutukoy sa angular na distansya pahilaga o patimog mula sa ekwador (equator).</td></tr>
<tr><td>OLNGIHTDU<br>________________</td><td>Ito ay tumutukoy sa angular na distansya pasilangan o pakanluran mula sa Prime Meridian.</td></tr>
</table></td><td>Maaaring umisip ang guro ng iba pang teknik upang mailahad ang mga layunin.<br><br>Susi sa Pagwawasto:<br>1. LOKASYON<br>2. ARKIPELAGO<br>3. LATITUD<br>4. LONGHITUD</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Paksa: Interaksiyon ng Tao, Lipunan, at Kapaligiran**<br><br>**Konsepto 1: Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan**<br><br>**A. Ang Pilipinas bilang Arkipelago at bahagi ng Timog-Silangang Asya**<br><br><br>**Kinalalagyan ng Pilipinas sa Mundo** | Maaari pang umisip ang guro kung paano mailalahad ang mga paksa.<br><br>Maaari rin na magbigay ng ibang impormasyon bago tumungo sa aralin na ito. Maaaring ituro ang mga mungkahing paksa sa ibaba.<br>Narito ang mga mungkahing paksa: (Gabuat, 2016, AP5, pp. 5-7)<br>-Heograpiya<br>-Pitong kontinente<br>-Ang globo at mga imahinasyong guhit (Meridian at Parallel)<br>-Compass Rose<br><br>Maaari pang umisip ang guro ng ibang paraan kung paano mabilis na mailalahad at mauunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>




**Mapa ng Timog-Silangang Asya**

**Lokasyon ng Pilipinas**

Ang **lokasyon** ay tumutukoy sa tiyak na kinaroroonan ng isang bagay o lugar. Mahalagang matukoy ang lokasyon ng Pilipinas sa Asya at sa mundo gamit ang globo at mapa. Ang globo ay ang pabilog na representasyon ng mundo at ang mapa naman ay ang patag na representasyon nito.

Ang Asya ay nahahati sa limang rehiyon: ang Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, Timog Asya, Kanlurang Asya at Hilagang Asya. Ang Timog-Silangang Asya ay matatagpuan sa Silangang bahagi ng Indian subcontinent at Timog China. Saklaw ng rehiyon ang 10.5% bahagi ng Asya.

Ang Pilipinas ay bahagi ng mundo. Isa ito sa mga bansa sa kontinente ng Asya, partikular, matatagpuan ito sa Timog-Silangang Asya.

*Tingnan ang mga larawan ng globo at mapa sa itaas kung saan makikita ang bansang Pilipinas.*

Ang lokasyon ng Pilipinas ay maaaring matukoy gamit ang mga likhang-isip na guhit na makikita sa mapa o globo. May dalawang pangunahing paraan sa

</td>
<td>


Maaari pang umisip ang guro ng ibang paraan kung paano mabilis na mailalahad at mauunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.

</td>
</tr>
</table>


pagtukoy ng lokasyon, ito ang tiyak na lokasyon *(absolute location)* at relatibong lokasyon (*relative location).*


<table>
<tr>
<td>1. Tiyak na Lokasyon<br>(absolute location)</td>
<td>Ang absolute o tiyak na lokasyon sa pagtukoy ng eksaktong kinaroroonan o posisyon ng isang lugar o bansa sa daigdig.<br><br>Matutukoy ang absolute na lokasyon ng isang lugar o bansa kapag pinagsama ang linyang latitud (latitude) at longhitud (longitude).<br><br>Ang mga mahahalagang linya sa mapa at globo.<br><br>Grid<br>- ang tawag sa nabubuong mala-parihabang espasyo sa ibabaw ng globo.<br>- tumutukoy ito sa mga guhit na nalilikha bunga ng pagtatagpo ng mga linyang longhitud (patayong linya) at latitud (pahalang na linya) sa mapa o globo.<br> <br><br>Longhitud - ang angular na distansya pasilangan o pakanluran mula sa Prime Meridian.</td>
</tr>
</table>

Maaari pang umisip ang guro ng ibang paraan kung paano mabilis na mailalahad at mauunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.





**Prime Meridian** - ang naghahati sa globo sa dalawang bahagi- ang silangang hating-globo at kanlurang hating-globo. Tinatawag rin ito na Greenwich Meridian dahil bumabagtas ito sa Greenwich, England.








**Latitud** - ang angular na distansya pahilaga o patimog mula sa ekwador (equator).


Maaari pang umisip ang guro ng ibang paraan kung paano mabilis na mailalahad at mauunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.




**Ekwador -** ang matatagpuan sa gitnang bahagi ng globo na may pantay na layo mula sa North Pole at South Pole.




Sa tulong ng grid, ang **tiyak na lokasyon ng Pilipinas** ay nasa pagitan **4° 23' at 21° 25"sa Hilagang Latitud** at sa pagitan ng **116° at 127° sa Silangang Longhitud.**

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


Matatagpuan din ang Pilipinas sa bandang hilagang hating-globo, sa may pagitan ng ekwador at Tropiko ng Cancer. Ang layo ng Pilipinas sa ekwador ay 4° lamang kaya’t kabilang tayo sa mga bansang nasa sonang tropikal (tropical zone). Ang distansya naman ng bansa ay 54° mula sa silangang bahagi ng International Date Line.
</td>
</tr>
<tr>
<td>2. Relatibong Lokasyon<br>(relative location)</td>
<td>Ang relatibong lokasyon (relative location) ay tumutukoy sa lokasyon ng isang lugar o bansa ay nakabatay sa mga kalupaan at katubigang nakapaligid dito<br><br>Katulad ng tiyak na lokasyon, magagamit din ang globo at mapa sa pagtukoy ng relatibong lokasyon ng Pilipinas. Ang dalawang paraan para matukoy ang relatibong lokasyon ay ang insular at bisinal.</td>
</tr>
</table>

Ang **insular na lokasyon** *(insular location)* ay paraan sa pagtukoy ng mga katubigang nakapalibot o nakapaligid sa isang lugar o bansa.

Ang **bisinal na lokasyon** *(vicinal location)* naman ay paraan sa pagtukoy sa lokasyon ng Pilipinas batay sa kalupaan o mga bansang nakapalibot o nakapaligid sa isang lugar.

| **Direksiyon** | **Mga Katubigang Nakapaligid** *(Insular)* | **Mga Kalupaang Nakapaligid** *(Bisinal)* |
|---|---|---|
| Hilaga (North) | Bashi Channel | Taiwan, Timog Korea, Japan |
| Silangan (East) | Dagat Pilipinas, (Philippine Sea), Karagatang Pasipiko | Mga pulo ng Guam, Marianas, Micronesia |
| Kanluran (West) | Kanlurang Dagat ng Pilipinas (West Philippine Sea), Timog Dagat Tsina (South China Sea) | Vietnam, Laos, Cambodia, Thailand at nasa Hilagang Kanluran ng Tsina (People's Republic of China) |
| Timog (South) | Dagat Celebes, Dagat Sulu (nasa Timog-Kanluran | Indonesia at nasa Timog Kanluran ang pulo ng Borneo (Malaysia) |

Maaari ring isama sa pagtalakay ang mga sumusunod:

1. Artikulo I Seksyon 1 ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas ang pambansang teritoryo.

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td></td><td>Bahagi ng pag-aaral ng kasaysayan ang pagtalakay sa heograpiya ng bansa kaya mahalaga ang patuloy na kaalaman sa paggamit ng mapa at globo upang lalo pa na maunawaan ang pag-aaral ng kinaroroonan ng Pilipinas. Mahalaga ring malaman ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo upang higit na maunawaan ang katangiang katangiang heograpikal ng bansa.</td></tr></table><br>***Ikalawang-araw***<br><table><tr><th>Ang Pilipinas Bilang Isang Arkipelago</th></tr><tr><td>**Arkipelago** ang tawag sa mga malalaki at maliliit na pulo na napapalibutan ng tubig o karagatan. Ang Pilipinas ay isang bansang kapuluan o arkipelagong napaliligiran ng malalawak na katubigan na may kabuoang sukat na **300,000 kilometro** kuwadrado at may mahigit sa **7641** na maliliit at malalaking pulo.<br><br>Ang Luzon, Visayas at Mindanao ay ang tatlong pangkat ng pinakamalalaking pulo sa bansa.<br><br>Bilang arkipelago, mahalagang katangian ng bansa na mas malaki ang saklaw nitong katubigan kung ihahambing sa sakop nitong kalupaan. Ang mga katubigang nakapalibot dito ay pinagkukunan ng mga yamang-dagat. Nakapagbibigay ito ng kabuhayan sa mga naninirahang malapit sa baybay-dagat na dagdag sa panrelihiyon at pambansang kita.</td></tr></table><br><table><tr><th>Ang Pilipinas Bilang Bahagi ng Timog-Silangang Asya</th></tr><tr><td>Napakahalaga ang lokasyon ng Pilipinas bilang isang bansa sa Timog-Silangang Asya. Ang magandang estratehikong lokasyon nito ay may malaking kinalaman sa paghubog ng kasaysayan. Naging dahilan ito ng pagtungo sa Pilipinas ng mga Austronesyanong nagmula sa Timog Tsina. Malapit ang Pilipinas sa kalupaang Asya kaya napadali ang migrasyon ng mga katutubong Negritos, Indones at Malay at iba pang pinaniniwalaang mga unang taong nanirahan sa bansa.</td></tr></table> | 2. Doktrinang Pangkapuluan (Archipelagic Doctrine)<br>3. United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS)<br>4. Exclusive Economic Zone (EEZ)<br>5. at iba pa tulad ng kabutihan at hindi kabutihang dulot ng pagiging arkipelago ng Pilipinas |

Ang lokasyon ng Pilipinas ay naging bentahe rin sa mabilis na pag-unlad ng kalakalan sa mga kalapit-bansa nito gaya ng China, India, Japan, at Saudi Arabia. Ang Pilipinas ang naging sentro ng pamamahagi ng iba't ibang produkto mula sa Timog-Silangang Asya dahil daanan ito ng mga sasakyang pandagat at panghimpapawid buhat sa maraming panig ng mundo. Bunga nito, umunlad din ang ekonomiya ng bansa pati na rin ang kultura nito.

Ang estratehikong lokasyon ng Pilipinas ay naging batayan para maging sentro ng komunikasyon at transportasyon at mga gawaing pangkabuhayan ang Pilipinas. May mga barko at eroplano ang tumitigil muna sa Pilipinas bago magpatuloy sa paglalakbay sa iba't ibang bansa sa Asya maging sa Australya.

Sa aspektong kultural ay sinasabing ang Pilipinas ay sentro ng pinaghalong kultura ng mga bansang kanluran at silangan. Nakasalamuha ng ating mga ninuno ang iba't ibang mga tao sa iba't ibang bansa sa Asya at ibang mga kontinente dala ang mayamang kaugalian, industriya, edukasyon at iba pa.

Dahil na rin sa taglay na pinaghalo halong kultura ang mga Pilipino, ang konsepto ng global citizenship ay mabilis natutunan. *Ang **global citizenship** ay ang paniniwala na mayroon tayong ugnayan sa bawat isa sa kabila ng pagkakaiba-iba. Ito ay nakakatulong sa pagsulong ng isang lipunan na pagyakap sa mga responsibilidad sa lipunan para sa kabutihang panlahat kaysa sa pansariling kapakinabangan.*

Dahil sa magandang lokasyon ng Pilipinas, gumanda rin ang ating relasyon sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan o *international relations. Ang **international relations** ay tumutukoy sa interaksyon ng isang bansa sa mga bansa at iba't ibang pandaigdigang organisasyon.*

Kaya't masasabi nating malaki ang papel na ginampanan ng lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng ating kasaysayan at ang patuloy na pag-usbong ng lahing Pilipino.

**Ang Lokasyon ng Pilipinas sa Panahon ng mga Mananakop**
*(Kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan)*

| | |
|---|---|
| Panahon ng mga Espanyol   https://mundongmitolohiya.wordpress.com/panahon-ng-mga-kastila/ | Ang lokasyon ng Pilipinas ay isang salik kung kaya't naging kolonya ng Spain ang bansa. Matatandaang nagsimula ito nang makarating ang ekspedisyon ni Ferdinand Magellan sa kapuluan noong 1521 at ni Legazpi noong 1565. Dahil sa mahusay na lokasyon ng bansa at mayamang kalikasan nito, naganyak ang mga Espanyol na tuluyan itong sakupin at gawing kolonya.<br><br>Dagdag pa, malapit ang Pilipinas sa islang tinatawag na Spice Islands o Moluccas na hinahanap ng mga Europeo para kumuha ng mga rekado o pampalasa. Ito ay nagbigay-daan sa pagdating ng mga Espanyol sa bansa. Dahil dito, nagkainteres ang mga Europeo lalo na ang Espanya sa pagsakop ng Pilipinas at nabago ang ating paniniwala mula sa pagiging pagano ay ipinakilala ang relihiyong Kristiyanismo partikular ang paniniwalang Katoliko. |
| Panahon ng mga Amerikano   | Hindi lang Espanya ang nakinabang sa magandang lokasyon ng ating bansa. Maging ang bansang Amerika ay may malaki ring ambag sa paghubog ng ating kasaysayan dahil sa ating lokasyon sa mapa at globo. Sinakop tayo ng mga Amerikano at nagtayo sila ng mga pangkaligtasang base militar laban sa pagsalakay ng mga bansa sa silangan. Ginamit ng mga Amerikano ang mga base militar bilang arsenal o imbakan ng mga kagamitang pandigma |

| | |
|---|---|
| | at dito rin ay nagsasanay sila. Ginamit ng mga Amerikano ang mga base militar sa Pilipinas tulad ng Clark Air Base at Subic Naval Base noong digmaan sa Vietnam. Tinipon ang mga sundalo at armas militar dito bago ipinadala sa Vietnam.<br><br>Ang Pilipinas ay naging tagatustos o *supplier* ng mga hilaw na materyal ng bansang Amerika kapalit ang proteksyon o pagiging alyado natin sa kanila. |
| Panahon ng mga Hapones<br><br> | Naging malaki rin ang impluwensya ng lokasyon ng Pilipinas noong panahon ng mga Hapones. Sinakop ng mga Hapones ang Pilipinas noon dahil sa alitan nila ng mga Amerikano. Nangyari ito noong kontrolado pa ng mga Amerikano ang mga base militar sa Pampanga at Zambales. Sa ngayon ay wala na ang mga base militar na ito sa ating bansa. |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 2. PAG-ISIPAN AT GAWAIN (#Lokasyon ng bayan ko!**
**Panuto: Pag-aralan ang mapa sa ibaba at sagutin ang mga pamprosesong tanong.**




Mula sa https://www.mapsofworld.com/lat_long/philippines-lat-long.html

**Mga Tanong:**

1-2. Ang tiyak na lokasyon ng Pilipinas ay _______________ Hilagang Latitud at ___________ Silangang Longhitud.

3. Paano mo tutukuyin ang relatibong lokasyon ng Pilipinas kung ang gagamitin mong batayan ay ang a.) insular na lokasyon at b.) bisinal na lokasyon?

Susi sa Pagwawasto:

1-2. 4° 23' at 21° 25"sa Hilagang Latitud at sa pagitan ng 116° at 127° sa Silangang Longhitud.

3. a. Makikita sa silangang bahagi ang Philippine Sea at Karagatang Pasipiko, Dagat Celebes sa timog, Timog Dagat Tsina at Kanlurang Dagat ng Pilipinas sa kanluran at ang Bashi Channel sa Kipot ng Luzon sa Hilaga.

b. Timog ng Taiwan, hilaga ng Malaysia at Indonesia, Kanluran ng Guam, at Silangan ng Vietnam.

*Ikatlong Araw*

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 3. TUKUYIN NATIN! (#Lokasyon mo, Alamin mo!)**
Panuto: Isusulat ng mga mag-aaral ang mga hinihinging impormasyon hinggil sa lokasyon na kanilang kinaroroonan at sasagutin ang mga pamprosesong tanong.

| KINABIBILANGAN | LOKASYON |
|---|---|
| BANSA | *Halimbawa: Pilipinas* |
| REHIYON | |
| LALAWIGAN | |
| BAYAN | |
| BARANGAY | |
| STREET/PUROK/SUBDIVISION | |

**Mga Pamprosesong Tanong:**


1. Natukoy mo ba ang mga hinahanap sa talahanayan?

2. Kung oo, ano ang naramdaman mo habang sinasagutan mo ang hinihingi sa talahanayan?

3. Bilang isang mag-aaral, bakit mahalaga ang kaalaman tungkol sa lokasyon kung saan ka kabilang o nakatira?

May kalayaan ang guro na magbigay ng marka sa gawaing ito. Maaari rin na umisip o may ipagawa ang guro na iba pang gawain na may kaugnayan sa paksa.

Maaari ring gumamit ng *interactive map, navigation app at Global Positioning System (GPS*) kung may malakas na *internet connection.*

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain 4. IGUHIT MO! (#Lokasyon mo, iguhit mo!)**<br>**Panuto:** Gamit ang kuwaderno ng mga mag-aaral, sila ay gagawa ng isang mapa ng kanilang barangay kung saan matatagpuan ang paaralan, simbahan, barangay hall at mga lugar na kalimitang pinupuntahan ng mga tao. Maglalagay ng mga simbolo na pangunahing nakikita sa isang mapa. Gawing gabay ang halimbawa sa ibaba.<br><br>**Pamprosesong mga tanong:**<br>1. Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ang gawain?<br>2. Sa paanong paraan makatutulong sa ating pang-araw-araw na pamumuhay ang kaalaman o kasanayan sa pagtukoy ng tiyak na lokasyon at relatibong lokasyon ng isang lugar. Magbigay ng mga halimbawa. | May kalayaan ang guro na magbigay ng marka sa gawaing ito. Maaari rin na umisip o may ipagawa ang guro na ibang gawain na may kaugnayan sa paksa. |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | ***Ikaapat na Araw***<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>(see table below) | Maaari pang umisip ang guro ng ibang paraan kung paano mabilis na mailalahad at mauunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. |

| | |
|---|---|
| **Pilipinas bilang isang arkipelago** | Arkipelago ang tawag sa mga malalaki at maliliit na pulo na napapalibutan ng tubig o karagatan |
| | Makikita sa silangang bahagi ang Philippine Sea at Karagatang Pasipiko, Dagat Celebes sa timog, Timog Dagat Tsina at Kanlurang Dagat ng Pilipinas sa kanluran at ang Bashi Channel sa Kipot ng Luzon sa Hilaga. |
| | Sa mga pulo ng Luzon, Visayas, at Mindanao nahahati ang mahigit 7,641 mga pulo sa Pilipinas. |
| **Pilipinas bilang bahagi ng Timog-Silangang -Asya** | Malapit ang Pilipinas sa islang tinatawag na Spice Islands o Moluccas na hinahanap ng mga Europeo para kumuha ng mga rekado o pampalasa. Ito ay nagbigay-daan sa pagdating ng mga Espanyol sa bansa. Dahil dito, nagka interes ang mga Europeo lalo na ang Espanya sa pagsakop ng Pilipinas. Naimpluwensyahan at nabago ang ating paniniwala mula sa pagiging pagano ay ipinakilala ang relihiyong Kristiyanismo partikular ang paniniwalang Katoliko. |
| | Hindi lang Espanya ang nakinabang sa magandang lokasyon ng ating bansa. Maging ang bansang Amerika ay may malaki ring ambag sa paghubog ng ating kasaysayan dahil sa ating lokasyon sa mapa. Sinakop tayo ng mga Amerikano at nagtayo sila ng mga pangkaligtasang base militar laban sa pagsalakay ng mga bansa sa silangan. Ginamit ng mga Amerikano ang mga base-militar bilang arsenal o imbakan ng mga kagamitang pandigma at dito rin ay nagsasanay sila. Ang Pilipinas ay naging tagatustos o *supplier* ng mga hilaw na materyal ng bansang Amerika kapalit ang proteksyon o pagiging alyado natin sa kanila. |

| | |
|---|---|
| | |
| | Naging malaki rin ang impluwensya ng lokasyon ng Pilipinas noong panahon ng mga Hapones. Sinakop ng mga Hapones ang Pilipinas noon dahil sa alitan nila ng mga Amerikano. |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Gawain 5. Pagninilay**
Panuto: Magsagawa ng pagninilay hinggil sa aralin na natutunan. Kokopyahin sa kuwaderno ang talahanayan. Lagyan ng tsek ng mga mag-aaral ✓ kung ang mga nakalahad na kasanayan ay nalinang. Sasagutin din ng mga inihandang tanong.

| Mga kasanayan | Hindi sapat ang kasanayan ko | Sapat ang kasanayan ko | Lubos ang kasanayan ko |
|---|---|---|---|
| *Nailalarawan ang lokasyon ng Pilipinas sa globo at mapa.* | | | |
| *Nasusuri ang kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan.* | | | |

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Anong mga kaalaman at kasanayan ang natutunan mo mula sa aralin?
2. Anong mga kaalaman at kasanayan ang nahirapan kang matutunan?
3. Bakit nahirapan kang matutuhan ang mga nasabing kaalaman at kasanayan?

May kalayaan ang guro na magbigay ng marka sa gawaing ito. Maaari rin na umisip o may ipagawa ang guro na ibang gawain ng pagninilay na may kaugnayan sa paksa.

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Kung pag-aaralang muli ang nilalaman ng aralin at gagawin ang mga pagsasanay, paano mo higit na mapagbubuti ang iyong pagkatuto?<br>a. Sumangguni sa iyong naging sariling karanasan?<br>b. Sumangguni sa iyong mga kamag-aral at tanungin ang kanilang naging karanasan sa pag-aaral?<br>c. Sumangguni sa iyong guro at humingi ng mga mungkahi? | |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot at isulat sa inyong kwaderno o sagutang papel.<br><br>1. Ito ay tumutukoy sa angular na distansya pahilaga o patimog mula sa ekwador *(equator).*<br>A. ekwador B. latitud C. longhitud D. meridian<br><br>2. Ito ay matatagpuan sa gitnang bahagi ng globo na may pantay na layo mula sa North Pole at South Pole.<br>A. ekwador B. grid C. insular D. meridian<br><br>3. Isa itong paraan ng relatibong lokasyon na nakatuon sa pagtukoy ng mga katubigang nakapalibot sa isang bansa.<br>A. insular B. bisinal C. grid D. parallel<br><br>4. Isa itong anyong tubig na matatagpuan sa silangang bahagi ng Pilipinas.<br>A. Bashi Channel<br>B. Dagat Celebes<br>C. Karagatang Pasipiko<br>D. Timog-Dagat Tsina<br><br>5. Isa itong karatig bansa na matatagpuan sa hilagang bahagi ng Pilipinas.<br>A. Guam<br>B. Indonesia<br>C. Taiwan<br>D. Vietnam | Susi sa pagwawasto<br>1. B<br>2. A<br>3. A<br>4. B<br>5. C<br>6. D<br>7. A<br>8. B<br>9. A<br>10 B |

| | | |
|---|---|---|
| | 6. Sa rehiyon na ito ng kontinente ng Asya matatagpuan ang Pilipinas.<br>A. Hilaga<br>B. Silangan<br>C. Timog<br>D. Timog-Silangan<br><br>7. Ito ang tawag sa malalaki at maliliit na mga pulo na napapalibutan ng tubig o karagatan.<br>A. arkipelago<br>B. bayan<br>C. bundok<br>D. daungan<br><br>8. Ito ang isla na malapit sa Pilipinas na kung saan nagkaroon ng interes ang mga Europeo na naging daan sa kanilang pagdating at pananakop.<br>A. Hawaii<br>B. Spice Island/Moluccas<br>C. Taiwan<br>D. Thailand<br><br>9. Ito ay tumutukoy ito sa mga guhit na nililikha bunga ng pagtatagpo ng mga linyang longhitud (patayong linya) at latitud (pahalang na linya) sa mapa o globo.<br>A. grid B. ekwador C. insular D. meridian<br><br>10. Ito ang angular na distansya pahilaga o patimog mula sa ekwador *(equator).*<br>A. grid B. latitud C. longhitud D. prime meridian<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>**Pagpapakilala sa Lokasyon ng Pilipinas.**<br>Mayroon kang bagong kamag-aral na isang dayuhan at nais niyang malaman ang iba pang impormasyon tungkol sa Pilipinas lalo na ang lokasyon nito sa mundo. | Sa gawaing ito ay maaari rin na umisip o may ipagawa ang guro na may kaugnayan sa paksa bilang karagdagang gawain. |

Gamit ang natutunan mo sa aralin at sa tulong ng iyong pagiging malikhain, paano mo ito ituturo sa kanya? Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang gabay.

| **Rubrik sa Pagmamarka** | | | |
|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | Napakahusay (5 puntos) | Mahusay (3 puntos) | Hindi binigyan ng pansin ang pamantayan (1 puntos) |
| Wasto at sapat ang mga naibigay na impormasyon. | | | |
| Mabisa ang pagbibigay ng impormasyon gamit ang teknolohiya at iba pang kagamitan. | | | |
| Malikhain at kawili-wili ang pagbibigay ng impormasyon. | | | |

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |


| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Jayson P. Sollorano, Ed.D.*** | ***Sinuri ni: Marivic M. Pimentel, Ph.D.*** |
| ***Institusyon: Don Manuel Rivera Memorial Integrated NHS- Pila Sub-office, SDO-Laguna*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |